BRAMPTON

**Media Release**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Saliksikin ang Brampton kasama kami sa Newcomer Bus Tour!

BRAMPTON, ON (Nobyembre 30, 2022) – Ang mga residente na lumipat sa Brampton makalipas ang Enero 1, 2019, ay iniimbitahan na sumakay sa libreng Newcomer Bus Tour sa Brampton Library, Brampton Transit at Lungsod ng Brampton.

Kabilang sa mga highlight ng tour ang City Hall ng Brampton at Gage Park, mga kamangha-manghang nakapagpapasayang mga ilaw, ospital, mga center ng komunidad, mga istasyon ng bus at tren, at mga sangay ng mga library. Sumama sa tour para makilala ang Brampton!

Kinilala sa Angus Mowat Award para sa Kahusayan sa Public Library Service, sa American Public Library Association Upstart Innovation Award, at sa isang award mula sa Canadian Urban Transit Association (CUTA), ang Newcomer Bus Tour ay hindi dapat makakaligtaan.

Magaganap ang mga tour sa winter sa Disyembre 6 at 8 mula 6 hanggang 9 pm. Ang mga residente ay maaaring magp-register online sa bramptonlibrary.ca o sa pamamagitan ng pagtawag sa 905.793.4636.

**Mga Quote**
"Ang Lungsod ng Brampton ay nagagalak na makipag-partner muli sa Brampton Library para ibigay ang isang Newcomer Bus Tour para sa mga residente na lumipat sa ating komunidad mula 2019. Ang Brampton ay isang Mosaic, at ang ating lungsod ay tahanan ng diverse, maramihang kultura, bata pa, at mabilis na lumalaking populasyon. Ang mga tour na ito ay nagbibigay ng magandang pagkakataon para pasimulan sa mga Bagong Bramptonian ang mga alok ng munisipyo na mapapakinabangan nila na maglilingkod para mas pagandahin ang kalidad ng kanilang buhay."

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ipinagmamalaki ng Brampton Transit ang pagtanggap at pagbibigay ng isang nagsasali sa lahat na kapaligiran para sa lahat ng ating mga rider. Ang tour na ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga bagong dating sa ating lungsod para makilala ang ating mga friendly na kawani, magtanong at maranasan ang ginhawa at mga benepisyo ng transit network."

*- Alex Milojevic, General Manager, Brampton Transit*

"Nananabik tayo na patuloy na ialok ang mga tour na ito, na nagbibigay ng magiliw na pagpapasimula sa lahat ng maiaalok ng Brampton sa ating mga bagong residente. Ito ay isang dagdag na paraan na ang Brampton Library ay humihikayat ng mga ugnayan!"

*- Todd Kyle, Chief Executive Officer, Brampton Library*

-30-

**Tungkol sa Lungsod ng Brampton**

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**Tungkol sa Brampton Library**

Para humiram ng mga material, ipareserba ang mga ito online gamit ang iyong Brampton Library card number at PIN. Alamin ang tungkol sa libreng access sa ating mga koleksyon online, kabilang ang mga ebook at e-learning. Tingnan ang mga oras na bukas ang library at ang kumpletong mga detalye para sa ating walong sangay. Mag-register para sa mga programa para sa lahat ng edad at interes sa pamamagitan ng ating kalendaryo ng mga event at mag-subscribe sa ating mga email update. Sundan kami sa Facebook, Twitter, Instagram, YouTube, at LinkedIn, at tiyakin na i-download ang Brampton Library mobile app sa iOS at Google Play. Alamin ang mas marami pa tungkol sa ating app. Bisitahin ang ating website upang makipag-live chat sa ating staff o Magtanong.

**Tungkol sa** Brampton **Transit**

Ang Brampton Transit ay isa sa pinakamabibilis na lumalaking transit system sa Canada. Kumbinyente at madaling naa-access, ang Brampton Transit ay may higit sa 65 ruta na kumukonekta sa lungsod at sa kalapit na mga munisipalidad. Mapaplano ng mga rider ang kanilang mga biyahe nang maaga sa Triplinx, mag-sign up para sa e-newsletter o sundan ang Brampton Transit sa Twitter, Instagram at Facebook. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang bramptontransit.com

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca

Brampton Library
jdickenson@bramptonlibrary.ca
416.605.9749